



Patakarang hinggil sa Pagkapribado at Paggamit ng mga Datos at Pahintulot (Mga Miyembro ng Panel sa U.S.)

Mangyaring tiyakin na nabasa ng bawat kalahok sa panel itong Privacy Notice
(Paunawa hinggil sa Pagkapribado).

Petsa ng Pagkabisa: ____ / ____ / ____

Salamat po sa inyong pagsang-ayong sumali sa aming piling grupo ng mga kalahok sa panel. Sa nakaraang ilang dekada, itinakda ng Nielsen ang pamantayan ng pag-aaral ng mga pamilihan at mga mamimili sa buong mundo. Ang aming kaalaman ay batay sa pagsisiyasat ng mga kalahok na kumakatawan sa mga mamamayan at nakatutulong sa aming mga kliyente (halimbawa, mga pabrikante, mga tagabenta, mga non-profit at mga pamahalaan) na alamin kung anu-ano ang pinanonood at binibili ng mga mamimili at ang kanilang mga kagustuhan at mga gawi. Ang inyong paglahok sa aming panel ay nakakatulong sa amin na buuin ang aming pagpapaliwanag ng kaalaman ukol sa mga mamimili.

Labis naming iniingatan ang pagkapribado ng aming mga panelist. Binuo namin itong Patakarang hinggil sa Pagkapribado at Paggamit ng mga Datos (Privacy and Data Use Policy) upang masagot ang anumang mga katanungan ninyo tungkol sa kung paano namin iniingatan at ginagamit ang inyong impormasyon. **Kung mayroon kayong karagdagang katanungan o pagkabalisa, mangyaring tawagan ang inyong Kinatawan sa Nielsen.**

Paano Ninyo Kami Makokontakt

Kung mayroon kayong katanungan, maari ninyo kaming tawagan ng toll-free sa 1-800-237-6493.

Ang pangalan ng inyong kinatawan sa Nielsen ay _____ at maari ninyo siyang tawagan sa

O sumulat sa amin sa:
The Nielsen Company
Juan Mendizabal
501 Brooker Creek Blvd
Oldsmar, FL 34677
USA

A. Tungkol sa mga bata. Para sa aming pananaliksik, nagkokolekta kami ng impormasyon tungkol sa bawat miyembro ng pamamahay, kabilang ang mga kasambahay na bata. Kung makakolekta kami ng impormasyon tungkol sa mga bata, espesyal naming iniingatan ito. Kapag direkta kaming nangongolekta ng impormasyong online mula sa mga napakabatang bata bata pa sa 13 taong gulang), may mga espesyal na alituntunin para sa sitwasyong ito. Ayon sa batas na Children's Online Privacy Protection Act ("COPPA"), kailangan naming kunin at matiyak ang pahintulot ng magulang o tagapangalaga, at sinusunod namin ang batas na ito. Maaring ipawalang-bisa ng magulang o ng tagapangalaga ang pahintulot kahit kailan. Saklaw ng mga ibang tadhana ng patakarang ito ang lahat ng mga nasa gulang at mga bata, anuman ang gulang.

B. Iniingatan namin ang pagkakakilanlan ng aming mga panelist. HINDI namin gagamitin ang inyong personally identifiable information (impormasyong maaaring kumilala sa inyo) upang direkta kayong bentahan ng mga kalakal o serbisyo, o i-anunsiyo o i-promote ang mga ito at hindi namin pinahihintulutan ang aming mga kliyente na bentahan kayo. Ang "Personally identifying information" ay impormasyon – gaya ng inyong unang pangalan at apelyido, tirahan o personal na email address – kasama man ang ibang impormasyon o hindi - na maaaring kumilala sa isang tiyak na tao. Kapag kokontakin namin kayo – sa pamamagitan ng telepono, email, o koreo – gagawin namin ito upang: maipatibay ang mga sagot na ibinigay ninyo; i-update ang inyong record upang masiguro na tumpak ang inyong impormasyon; matiyak na tumatakbong mahusay ang equipment, o alukan kayo ng mga karagdagang pagkakataong lumahok sa aming pananaliksik.

C. Anong impormasyon ang iniipon namin? Pinag-aaralan at sinusukat ng Nielsen ang mga gawi ng mga mamimili. Upang mabuo ang aming kaalaman, nangongolekta kami ng impormasyon sa dalawang paraan:

- **Impormasyon na ibibigay ninyo sa amin.** Kapag maging panelist kayo, magbibigay kayo ng impormasyon sa amin gaya ng inyong pangalan at email address. Magbibigay din kayo sa amin ng impormasyong demograpiko gaya ng kasarian, kita ng pamamahay, at etnisidad. Sa pamamagitan ng inyong paglahok sa aming mga panel at survey, magkokolekta kami ng impormasyon tungkol sa inyong mga gawi at kagustuhan. Ang mga "behavior data", o mga "datos tungkol sa mga gawi" ay kung kailan, bakit o paano ninyo ginagawa ang mga bagay gaya ng panonood ng TV o ginagamit ang inyong computer o ang Internet. Ang mga "preference data", o "datos tungkol sa mga kagustuhan" ay ang inyong mga pinili, gaya ng alin sa mga istasyon ang inyong pinanonood o alin sa mga website ang pinupuntahan ninyo. Awtomatiko din kaming nagkokolekta ng mga datos. Halimbawa, sa pamamagitan ng aming metering equipment (aparotong panukat), na nakakabit sa inyong telebisyon, nakakukuha kami ng madaliang ulat ng inyong pinanonood sa telebisyon. Nagkokolekta din ito ng impormasyon mula sa mga elektronikong senyales mula sa mga programa sa telebisyon. Lubos na sinusubaybayan ng aming NetSight software sa inyong computer ang mga gawain sa computer, maging offline o online o sa Internet. Ine-encrypt, o inilalagay sa kodigo, ng software ang impormasyon (upang makatulong sa pagseguro ng seguridad nito) bago ipinapadala nito ang impormasyon sa amin sa pamamagitan ng Internet.

Dagdag sa panukat na software na ilalagay namin sa inyong computer, maaari din kaming gumamit ng Internet technology sa pagkolekta ng impormasyon. Kabilang sa impormasyong ito ang tipo, pangalan at paggamit ng ilan sa mga application, file at hardware sa computer na ito, ang address at nilalaman ng mga website na pinuntahan at ang mga petsa at tagal ng gayong mga bisita, at ang Internet Service Provider na ginagamit. Maaari naming kolektahin ang impormasyon na nasa title bar sa itaas ng anumang window na bukas sa inyong computer, depende sa application. Maaring mabilang dito ang pangalan ng website, ang pangalan ng bukas na file sa computer, o ang subject line ng isang bukas na email. **Hindi namin** maaaring **basahin o gamitin ang teksto ng anumang email o instant message, at hindi namin maaring basahin ang nilalaman ng anumang dokumentong bukas sa inyong computer.** Itinatala ng aming mga server ang karaniwang impormasyon na hindi maaaring personal na kumilala na kasama ng mga Internet transmission, gaya ng petsa at oras ng inyong dalaw, tipo at version ng browser, IP address, at operating system.

- **Impormasyong makukuha namin mula sa mga ibang mapagkukunan.** Pagkatapos maging miyembro kayo ng aming panel, magkokolekta kami ng impormasyon tungkol sa inyo at sa inyong pamamahay. Maaaring mabilang dito ang impormasyon gaya ng kung ano ang inyong binibili at saan, at ang inyong pagkalantad sa mga anunsiyo. Nakukuha namin ang impormasyong ito mula sa maraming mga mapagkukunan. Kabilang dito ang mga halimbawa,
 - Datos mula sa Census,
 - Tagagawa at tagabenta ng mga produktong binibili o ginagamit ninyo,
 - "Loyalty" program (gaya ng mga programang nag-aalok ng mga rewards at points),
 - Samahang nagkokolekta ng mga datos online,
 - Data suppliers,
 - Kompanyang nagsasama-sama ng impormasyon tungkol sa pagbili, at
 - Iba pang mga entidad na may legal na karapatan na magbigay sa amin ng ganoong impormasyon.

Maaari naming isama ang impormasyon mula sa inyong pamamahay sa mga karagdagang impormasyong ito. Gagamitin lamang namin ito upang maabot ang mga layunin na inilarawan namin sa paunawang ito. Sa pamamagitan ng paglahok sa panel na ito, sumasang-ayon kayo na maari naming ipunin ang impormasyong ito tungkol sa inyo at isama sa ibang impormasyon sa ganitong paraan.

D. Paano namin gagamitin ang impormasyong ibibigay ninyo sa amin at ng iba pang mga kalahok sa panel? Ginagamit namin ang impormasyong i nakolekta namin upang bumuo para sa aming mga kliyente ng iba't ibang kaalaman mula sa aming pananaliksik. **Gumagamit kami ng mga kasangkapan o mga tool at pamamaraan upang masiguro na walang makatwirang posibilidad na makikilala ang isang miyembro ng panel sa mga ulat na binubuo namin para sa aming mga kliyente.** Halimbawa, isinasama namin ang inyong mga sagot sa mga sagot ng iba upang makagawa ng mga "aggregated", o pinagsamang, mga report. Gumagawa din kami ng mga scientific report batay sa tinatawag na "modeled information". Ang "modeled information" ay datos na aming binuo batay sa mga katangiang demograpiko at katangian ng mga gawi (gaya ng inyong kasarian, edad, mga gawi sa panonood ng TV, at mga website na pinupuntahan) upang mahulaan kung ano ang panonoorin o bibilhin ng mga taong may mga katangian gaya ng mga katangian ninyo. Dahil sa impormasyong ito, nakikilala ng mga advertiser ang malamang na magiging pinaka-interesado sa kanilang mga anunsiyo.

Ang kaalaman na nakukuha namin sa aming pananaliksik ay nakatutulong sa aming mga kliyente sa kanilang mga pasiya tungkol sa kung saan at kung paano sila mag-aadvertise kabilang sa mga pahayagan, telebisyon, radyo, online at mobile. Kabilang sa iba pang bagay, ang aming mga pagpapaliwanag ay nakatutulong sa aming mga kliyenteng:

- Alamin kung anu-anong mga programa sa telebisyon ang gustong panoorin ng mga babaeng manonood
- Alamin kung ano ang halo ng mga nanonood na nakakita ng anunsiyo habang lumilibot sa Internet o nakikipag-ugnay gamit ang social media
- Kilalanin ang mga tipo ng produktong elektroniko na malamang na bibilhin ng mga mamimili sa iba't ibang grupong demograpiko
- Tiyakin ang mga taong pinakamalamang na tutugon sa isang partikular na anunsiyo online, sa isang smartphone o tablet
- Alamin kung ang mga naninirahan sa isang partikular na pamayanan ay malamang na mamimili sa isang tindahan na nagbebenta ng mga di-karaniwang produkto kung malapit ito sa kanilang pamayanan
- Anu-anong klase ng mamimili ang nakakita ng anunsiyo sa isang social media site

E. Ibinibigay ba ninyo sa iba ang aking personal na impormasyon na maaaring kumilala sa akin? Paminsan-minsan may mga kompanyang tumutulong sa amin sa pagproseso ng datos o sa pagbuo ng mga produktong ginagamit namin sa aming mga pag-aaral ng mga mamimili. Pinapapirma namin sila ng kontratang nagsasabing pananatilihin nilang lihim ang impormasyong iyon at hindi nila maaring gamitin itong impormasyon para sa anumang ibang layunin maliban sa pagganap ng mga serbisyo na kanilang ginagawa para sa amin. *Sang-ayon sa mga tuntunin ng pagpapatakbo ng mga pag-aaral ng mga mamimili, maaari din naming ibigay sa ibang mga kompanya ang personal na impormasyon ng mga kalahok. Kung gagawin namin ito, kakailanganin nilang panatilihing kompidensiyal ang impormasyon at gamitin ito para lamang sa mga layunin ng pag-aaral o pagbuo ng mga estadistika.* Ibibigay namin ang inyong impormasyon sa ikatlong partido kung aataasin ito ng batas o kung dahil dito magagamit namin ang aming mga karapatang legal o matutugunan namin ang anumang mga gawain na maaaring labag sa batas, o upang masiguro ang kaligtasan o maingat ang mga karapatan ng kahit sinong tao o legal na entidad. Kung mabenta ang aming kompanya o bahagi nito, masama sa ibang kompanya o sa ibang paraan malipat, maaari naming malipat ang inyong impormasyon bilang bahagi ng transaksyon na iyon at gagawin namin ang kailangan naming gawin upang masiguro na ang inyong impormasyon ay protektado gaya ng nakalarawan sa paunawang ito.

F. Ang paglahok ay laging di-sapilitan o boluntaryo. Maari ninyong ipaalam sa amin, kahit kailan, kung gusto ninyong makita ang personal na impormasyon na maaaring kumilala sa inyo at sa inyong pamamahay na nakolekta namin. Maari ninyong hilingin na iwasto

o i-update ang impormasyong ito o kontakin kami kung gusto ninyong ihinto ang partisipasyon ninyo o ng inyong pamamahay sa aming panel. Maari ninyo kaming tawagan sa toll-free number at sulatan sa address na nakalista sa itaas.

G. Paano ninyo ia-update ang inyong profile, o impormasyong personal, kung mabago ang inyong telebisyon o ang mga sitwasyon ng inyong pamamahay. Maari ninyong gawin ito kahit kailan sa pamamagitan ng pakikipag-alam sa inyong kinatawan sa Nielsen.

H. Pag-imbak ng Impormasyon at Seguridad Nito. Iimbakin namin ang inyong impormasyon habang kailangan namin ito para sa mga layunin ng pananaliksik at pag-aaral ng mga mamimili at ayon sa batas. Maaari naming imbakin ang inyong impormasyon sa Estados Unidos o sa ibang bansa. Saanman namin iimbakin ang inyong impormasyon, gagawin namin ang kailangan naming gawin sa aming pangangasiwa, pamamahala at paggamit ng teknolohiya upang maingat ang pagkalahim nito. Mangyaring isaisip na ang pag-imbak at paghahatid ng mga personal na datos ay hindi maaring palaging lubos na tiwasay.

I. Maari naming ibahin ang Patakaran hinggil sa Pagkapribado at Paggamit ng mga Datos na ito at ang aming mga pamamalakad sa pagkolekta at pamamahala ng mga datos. Inilalaan namin ang karapatang i-update at gumawa ng mga pagbabago sa Patakarang ito at sa aming mga pamamalakad sa pagkolekta at paggamit ng impormasyong maaaring personal na kumilala. Kung gumawa kami ng **mahalagang** pagbabago (ang uri ng pagbabago sa aming paggamit ng inyong impormasyon na magreresulta sa pag-iba ng inyong isip at papasiyahin ninyong ayaw na ninyong lumahok sa panel), ipaalam naming sa inyo at bibigyan namin kayo ng isang kopya hindi kukulang sa 30 araw bago ang petsa ng pagkabisa ng pagbabago, nang sa ganoon magkakaroon kayo ng sapat na panahon upang umurong sa panel kung iyon ang inyong papasiyahin. Kahit kailan, maari ninyong makita ang kasalukuyang umiiral na Paunawa hinggil sa Pagkapribado sa pamamagitan ng pakikipag-alam sa inyong kinatawan sa Nielsen. Ang inyong patuloy na paglahok sa aming panel pagkatapos ng petsa ng pagkabisa ng anumang mga pagbabago ay mangangahulugan ang inyong pagtanggap ng lahat ng mga mabisang pagbabago.

J. Tungkol sa The Nielsen Company. Ang Nielsen Company (NYSE:NLSN), isang kompanyang kalat sa buong mundo, ay nangunguna sa impormasyon tungkol sa pagbebenta at mga mamimili, sa pagsukat ng panonood sa telebisyon at paggamit ng iba pang pahatiran ng impormasyon at libangan (media), online intelligence, pagsukat ng mga gawain sa mga mobile devices, mga trade show at mga kaugnay na pag-aari. Ang kompanya ay nangangalakal sa higit na isang daang bansa, at may punong-tanggapan sa New York, USA. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa The Nielsen Company, pumunta sa www.nielsen.com.

K. Pinapalitan nitong Paunawa ang anumang ibang pahayag sa inyo, maging sinulat o pasalita, tungkol sa aming mga pamamalakad sa pangongolekta at paggamit ng impormasyong maaaring kumilala sa inyo.

SALAMAT PO – PINASASALAMATAN AT PINAHAHALAGAHAN NAMIN ANG INYONG PAGLAHOK!